REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

**KAPASIYAHAN BILANG** 91-185

**KAPASIYAHAN NG PAGNANAIS NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA NA MAKABILI NG ISANG LAGAY NA LUPA UPANG GAWING PAMPUBLIKONG LIBINGAN.**

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

**SAPAGKAT,** ang Bayan ng Muntinlupa ay walang Pambayang Libingan;

**SAPAGKAT,** matagal nang hinahangad ng mga namumuno sa Pamahalaang Bayan at ng mga mamamayan ng Muntinlupa na magkaroon tayo ng Pambayang Libingan;

**SAPAGKAT,** halos lahat na ng mga libingan sa Bayan ng Muntinlupa ay hindi na makatugon sa pangangailangan ng ating mga kababayan sa pagsasaayos ng mga labi ng pumanaw nilang mahal sa buhay;

**SAPAGKAT,** ang kakulangan sa nabanggit na libingan ay nagsisilbi pang pabigat sa mga naulila nating mga kababayan, lalong-lalo na sa mga mahihirap;

**SAPAGKAT,** tuwing sasapit ang araw ng mga patay, ang mga taong dumadalaw sa pumanaw nilang mahal sa buhay ay wala nang madaanan dahil sa ang mga daan ay pinaglibingan na rin sanhi ng kakulangan ng espasyo para sa nabanggit na layunin;

**SAPAGKAT,** bagamat may mga pribadong libingan sa ating bayan, ang halaga ng mga lote doon ay hindi makayanan ng nakararami nating mga kababayan dahil sa kahirapan ng pamumuhay ngayon;

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng buong pagkakaisa ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila, ang kanilang pagnanais na makabili ng isang lagay na lupa upang gawing himlayan ng pumanaw nating mga kababayan.

**PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA** ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang 151 pangkaraniwang pulong na ginanap ngayong ika-15 ng Abril, 1991 sa Sala ng Pambayang Hukumang Pag-uusig.

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
**Punong Bayan/Pangulong Opisyal**

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**



**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pang.Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

**KGG. CARLO G. TENSUAN**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. EPIFANIO A. ESPELETA**
Konsehal

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. LUCIO B. CONSTANTINO**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. NEMESIO O. MOZO**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**KGG. ROGER C. SMITH**
Konsehal

**KGG. NOLASCO L. DIAZ**
Konsehal

**KGG. VICENTE YU CHUA**
Konsehal

**PINATOTOHANAN:**

**PETER B. SALONGA**
Pambayang Kalihim

PBS/vts